Pangalan: Anwar No
Paksa ng Khutbah: “Mabuting Pagtitiis at Masamang Pagtitiis”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, papuri at pasasalamat kay Allah dahil ginabayan niya tayo sa Islam. Ito ay napakalaking biyaya na nakilala natin Siya ngunit hindi ito madali. Susubukan tayo ni Allah at dito makikita kung gaano tayo mananatili sa Kanya. Ang pinakamahirap at pinakmasamang uri ng pagtitis ay ang pag-iwas kay Allah. Bakit? Tayo, bilang mga Muslim ay kaya ba nating iwasan si Allah pagkatapos Niya tayong gabayan? Kung hindi, – Alhamdulillah! Ngunit kung Oo, – Kasawian sa atin!

May isang lalaki ang nagtanong sa nag-ngangalang si Shilbi, “Anong uri ng pagtitiis ang pinakamahirap?” Sagot ni Shilbi, “Pagtitiis sa pamamagitan ng paghingi ng tulong kay Allah.” Sabi ng lalaki, “Hindi.” Sagot ni Shilbi, “Kung gayon, ang pagtitiis para sa kapakanan ni Allah.” Sabi ng lalaki, “Hindi.” Sumagot muli si Shilbi, “Pagtitiis sa paghahanap para sa kasiyahan ni Allah.” Sagot muli ng lalaki ay, “Hindi.” Kaya nagtanong na si Shilbi, “Ano iyon?” Sumagot ang lalaki, “Pagtitiis sa pag-iwas kay Allah.” At si Shilbi ay napasigaw na parang muntik na siyang mamatay.

Subhanallah mga kapatid! Nakakapanlumo ang kahihinatnan ng isang tao kung iiwas siya kay Allah, – ang kasawian para sa kanya. Huwag nating isipin na malayo sa atin si Allah, bagkus tayo mismo ang lumalayo kay Allah dahil sa pagsuway sa Kanya kaya dapat na lagi tayong magbalik loob sa Kanya. Ano nga ba ang dahilan kung bakit tayo narito sa mundong ito? Bakit tayo nilikha ni Allah?

Sinabi ni Allah:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ الذاريات: 56

***“At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at sangkatauhan maliban sa pagsamba sa Akin.”*** (Adh-Dhariyat : 56)

Ito ang patunay na sinabi ni Allah na nilikha tayo upang sambahin Siya. Kaya’t huwag nating hayaan ang ating sarili na iwasan ang ating Tagapaglikha, bagkus ay humingi tayo ng tulong na lagi tayong gabayan upang magampanan natin ang pagsamba sa Kanya.

Mga kapatid, ano ang nagiging epekto ng pagsamba natin kay Allah? Hindi ba’t nakukuntento tayo sa buhay at nagkakaroon tayo ng kapayapaan? Iyan ang biyaya sa atin ni Allah. Kung baga’y nagiging “okay” sa atin ang lahat-lahat, kapag hindi natin iniwasan si Allah. Mas iwasan natin ang pagkakaroon ng interes sa Mundong ito. Iwasan natin ang mga makamundong bagay na walang kabuluhan o kabutihan sa atin. Huwag tayong mahumaling sa mga mamahaling gamit o bagay na hindi naman kailangan. Marapat na mas pagtuunan natin ng pansin ang mga bagay na paghahatid sa atin sa Paraiso sa kabilang-buhay.

Mga kapatid, kung may masamang uri ng pagtitiis, mayroon din namang mabuting pagtitiis:

- Ang pagtitiis sa kapakanan ni Allah, at
- Ang pagtitiis sa tulong ni Allah

Ito ang dalawang uri ng mabuting pagtitiis.

Sinabi ni Allah:

﴿ وَٱصْبِرْ لِحُكْمِ رَبِّكَ فَإِنَّكَ بِأَعْيُنِنَا ﴾ الطور: 48

***“Ngayon, hintayin mo nang may pagtitiis ang utos ni Allah. Tunay, ikaw ay nasa Aming mga Mata.”*** (At-Tur :48)

Siya rin ay nagsabi:

﴿ وَٱصۡبِرۡ وَمَا صَبۡرُكَ إِلَّا بِٱللَّهِۚ ﴾ النحل: 127

***“At maging mapagtiis sapagkat ang inyong pagtitiis ay kay Allah lamang.”*** (An-Nahl : 127)

Kaya’t kailangan nating magtiis, dahil ang pagtitiis natin ay galling kay Allah. Hindi natin makakamit ang pagtitiis kung wala ang tulong ni Allah.

Subhanallah mga kapatid! Tingnan natin kung gaano kabuti ni Allah sa atin. Kahit gumagawa tayo ng kamalian, may biyaya pa rin tayong natatanggap. Allahu Akbar! Kaya’t ugaliin natin ang magsumamo o humingi ng tawad kay Allah dahil Siya ay Mapagpatawad. Ngunit, iba pa rin ang biyaya na natatamo ng mga mananampalataya. Kaya, upang makamit natin ang pagpapala ni Allah ay gumawa tayo ng mga gawaing kanais-nais sa Kanya alinsunod sa Sunnah ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), hindi iyong kung kailan lang natin gusto ay saka lang natin gagawin. Gagawin natin ito mga mahal na kapatid upang mahalin tayo ni Allah.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلّهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Katotohanang tayo pa ay nasa mundong ito, kaya't asahan natin na marami pang pagsubok at problema na dadaanan pa natin. Manalig lang tayo kay Allah at magtiwala sa Kanya, sapagkat Siya ay nagsabi:

﴿ إِنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴾ البقرة :153

***"Tunay na si Allah ay kasama ng mga matiisin."*** (Al-Baqarah 2:153)

Minamahal at kasama ni Allah ang mga matiisin. Kaya't mga kapatid sa pananampalatayang Islam, hilingin natin kay Allah na pagkalooban tayo ng pagtitiis. Hindi natin ito magagawa kung wala ang tulong ni Allah. Panatilihin natin ang kuneksyon kay Allah sa pamamagitan ng mga pag-alaala sa Kanya, pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***